4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 4**
**Kuwarter 4: Aralin 8 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Jayson P. Sollorano, Ed.D. (Don Manuel Rivera Memorial Integrated NHS- Pila)

**Tagasuri:**

- Marivic M. Pimentel, Ph.D. (Philippine Normal University –Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagka-Pilipino, karapatan, at tungkulin tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapaglulunsad ng mga gawaing kumikilala at nagsusulong sa karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Mga Kasanayan<br>1. Naiisa-isa ang mga salik upang makamit ang kagalingang pansibiko.<br>2. Natatalakay ang kahalagahan ng kagalingang pansibiko<br>3. Napahahalagahan ang papel na ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtaguyod ng karapatan at tungkulin tungo sa pagtamo ng kagalingang pansibiko<br>4. Natutukoy ang mga tungkulin ng mga mamamayan tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko.<br>5. Nakagagawa ng isang poster hinggil sa mga karapatan at tungkulin ng mga mamamayan tungkol sa pagtamo ng kagalingang pansibiko |
| **D. Nilalaman** | Kagalingang Pansibiko (2) |
| **E. Integrasyon** | Convention on the Rights of the Child (CRC)<br>Nasyonalismo<br>Karapatang Pantao<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Adriano et al. (2015). *Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral, Pilipinas*. Vibal Group, Inc.<br>Agno, L. N., Tadena, R.D., Balonso, C. E., & Dela Cruz, M. M. (2016). *Kultura, Kasaysaya at Kabuhayan*. Vibal Group, Inc. |

Almario V. (2015). Sagisag Kultura (Vol 1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/nasyonalismo/

Batac, L. B., Castillo, F. N., Ricamata-Dino, MG., & Garchitorena, AJ. L. (2014*). Isang Bansa, Isang Lahi*. Vibal Group, Inc.

Belarde, R. R. et al. (2023). *Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo*. Rex Education.

Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.(2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig CityAdriano, Ma.

Garcia, P. R., Concha, J. D., Daroni, C. E., Barcelon, V. C., Belarde, R. R., Fajardo, J. U., Balaoing, J. G., Santos, E. M., Dela Cruz, E. L. & Villegas, J B. (2023). *Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo*. Rex Book Store.

III, B. A. (2014, January 19). *Diwang Nasyonalismo! Bayan Ipagbunyi!* Flickr. https://www.flickr.com/photos/berniemack/12245010164

DepEd Central Office. Alternative Delivery Mode. Quarter 4. Araling Panlipunan 4. Module. https://www.slideshare.net/aybipolidario/karapatang-pantao-87704555

Ang mga larawan ay mula sa:

Earth day children cleaning the trash [Online image]. (n.d). https://www.vecteezy.com/vector-art/15694384-earth-day-children-cleaning-the-trash-colored

Family with child pray in church together [Online image]. (n.d). https://www.freepik.com/premium-vector/family-with-child-pray-church-together_21173538.htm

Press, T. A. (2022, November 30). *Today in History: November 30, birth of Andres Bonifacio | The Associated Press*. BusinessMirror. https://businessmirror.com.ph/2022/11/30/today-in-history-november-30-birth-of-andres-bonifacio/

Ustyuzhantseva, N. (2022). [Online Image]. Study Hard. Illustration of a cartoon little boy doing hard homework on the table. https://www.istockphoto.com/vector/illustration-of-a-cartoon-little-boy-doing-hard-homework-on-the-table-gm1406921267-458303332?phrase=study+hard


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>1. Maikling Balik-aral.<br>Gawain 1. Tama O Mali (#Piliin mo ng tama)<br>Susuriin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na pangungusap tungkol sa pagbibigay-halaga sa mga kagalingang pansibiko. Isulat ang T kung tama ang isinasaad sa pangungusap at isulat ang M kung di-wasto.<br><br>_____1. Pinaghiwa-hiwalay mo ang mga nabubulok at di-nabubulok na basura.<br>_____2. Ikaw ay nag-organisa ng isang liga ng basketbol sa barangay.<br>_____3. Nagtatapon ikaw ng basura sa kalye.</td><td>Sa bahaging ito ng gawain, maaari pang magbigay ng iba pang gawain upang mas madaling maproseso ng mga mag-aaral ang mga konsepto ng aralin.<br>Mga Tamang Sagot:<br>1. T<br>2. T<br>3. M<br>4. T</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | _____4. Ikaw ay nakikilahok sa clean and drive program ng inyong barangay.<br>_____5. Binalik mo ang sobrang sukli sa tindahan.<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal).** | 5. T<br><br>Ang gawaing ito ay inaasahang magagawa sa loob ng dalawang linggo. Ang pagsagot sa maikling balik-aral ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng aralin. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>1. Ano-ano ang mga salik ng kagalingang pansibiko?<br>2. Ano-ano ang mga kahalagahan ng kagalingang pansibiko?<br>3. Paano mo napahahalagahan ang papel na ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtaguyod ng karapatan at tungkulin tungo sa pagtamo ng kagalingang pansibiko?<br>4. Ano-ano ang mga tungkulin na ginagampanan ng mga mamamayan sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko?<br>5. Paano mo maipapakita ang mga karapatan at tungkulin mo bilang isang mamamayan tungo sa kagalingang pansibiko?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Gawain 2. Punan Mo Ako! (Susing Salita ng Aralin)**<br>Kukumpletuhin ng mga mag-aaral ang mga salita ayon sa paglalarawan ng pangungusap. Isulat sa sagutang papel.<br><br>**1. K_SA_G-L_O_** - tumutukoy sa mga kilos ng tao na may pagkukusa.<br>**2. IT_N_K_A** - tumutukoy sa isang bagay na kahit anong mangyari ay sayo mapupunta.<br>**3. P_K_K_L_H_K** - tumutukoy ito sa isang paraan ng paglilingkod at pagpapakita ng pagmamahal sa kapuwa.<br>**4. PA_Y_B_N_** - maihahalintulad ito sa paglago o pag-unlad.<br>**5. _A_A_IN_ANG PA_S_BI_O** - tumutukoy sa isang sitwasyon kung saan taglay | Sa bahaging ito ay may kalayaan ang guro na gumamit ng iba pang pamamaraan, estratehiya at teknik para sa pagsasagawa nito.<br><br>Maaari rin ito isagawa sa pamamagitan ng word cloud, guess the gibberish word at iba pa.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. KUSANG-LOOB<br>2. ITINAKDA<br>3. PAKIKILAHOK<br>4. PAGYABONG<br>5. KAGALINGANG PANSIBIKO |

| | | |
|---|---|---|
| | ng mga mamamayan ang kamalayang may pananagutan sila sa kanilang kapuwa. | |
| **C. Paglinang at Paglalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Ang Papel na Ginagampanan ng mga Mamamayan sa Pagtaguyo ng Karapatan at Tungkulin**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Bilang isang mamamayang Pilipino, tungkulin nating pahalagahan ang mga kagalingang pansibiko. Narito ang mga salik upang makamit natin ito:<br><br>Pagkilala sa sarili<br>Pagkakaroon ng tiwala sa sarili<br>Pagtanggap at pag-unawa sa kapwa<br>Pagtulong sa komunidad<br>Pagtulong sa kapwa<br>Paggawa ng mabuti<br>Pagsunod sa mga batas<br>Pagtanggap ng responsibilidad<br>Pakikilahok sa pagboto<br><br>Ang kagalingang pansibiko ay ang mga gawaing lubhang makapagbibigay ng positibong epekto sa isang bansa at makapagpapaayos ng takbo ng lipunan. Bilang isang mamamayang Pilipino mayroon din tayong responsibilidad na gumawa ng mga hakbang upang mapaunlad ang ating bansa. Ngunit dapat tandaan na ang mga pagkilos na ito ay dapat kusang-loob at hindi naghihintay ng kapalit. Tumulong sa mga gawaing kapaki-pakinabang sa larangan ng edukasyon, kalusugan, kapayapaan, pangkabuhayan at pamamahala sa kapaligiran. Sa mga suliraning pampamayanan, ilan sa mga gawaing ito ay ang pagtatanim ng mga puno para sa patuloy na pagyabong ng ating mga likas na yaman. Isa ring malaking gawaing pansibiko ang pagkakaroon ng mga *clean-up drive* sa iba't ibang bahagi ng bansa. Isang malaking hamon naman ang *climate change* o ang pabago-bagong panahon.Makatutulong din ang pagsali sa mga organisasyong mayroong mabuting layunin para sa bansa at mga kapuwa katulad ng mga nagsasagawa ng *medical mission*, *relief operations*, at pagbibigay ng ayuda sa mga kapos-palad na kababayan. | Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral.<br><br>Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng aralin.<br><br>Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral.<br><br>Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng aralin. |

**KAHALAGAHAN NG KAGALINGANG PANSIBIKO**

- Makakatiyak ang mga mamamayan sa isang lipunan ng tunay na malaya, nagsasarili at kontento sa kanilang pamunuan.
- Ang mga mamamayan ay may kakayahang sustentuhan ang kanyang sarili at pamilya, at kontento sa pamamalakad ng pamahalaan.
- Malaya nilang naipapahayag ang sarili at nagagawa ang gusto nang hindi lumalabis sa itinakda ng batas.

**IKALAWANG ARAW**

**Integrasyon ng Nasyonalismo**



Ang **nasyonalismo** ay tumutukoy sa damdaming makabayan o pagmamahal sa bansa ng mga mamamayan. Kaakibat nito ang pagpupunyagi o pagsisikap ng mga mamamayan na ialay ang sariling lakas at buhay para sa kapakanan ng bansa. Kaugnay nito ang pagkilos na nakatuon sa pagpapabuti ng pamumuhay ng bawat mamamayan o pagsulong ng anumang makabuluhang pagbabago sa lipunan. Ang bawat mamamayan ay may pananagutan hindi lamang sa kanyang kapwa kundi maging sa kanyang sariling bansa. (Garcia et al. 2023). Kaugnay nito, maipakikita rin ng mga mamamayan ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pakikilahok sa pamahalaan at sa programa at proyektong ipinatutupad nito tulad ng mga proyektong pangkapaligiran, pangkalinisan, pangkabuhayan, pabahay at marami pang iba.

**Integrasyon ng Karapatang Pantao**

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng aralin.

Ang pangangalaga sa karapatang pantao ay isang indikasyon na ang mga mamamayan ay malaya. Ang karapatang pantao ay karapatan at kalayaan na nararapat matanggap ng mga tao.
Ang mga halimbawa sa ibaba ay pagpapakita ng karapatang pantao:

1. Kalayaan sa pagsasalita
2. Pagkakapantay-pantay sa harap ng batas
3. Karapatang makilahok sa kalinangan
4. Karapatan sa pagkain
5. Karapatang makapaghanap-buhay
6. Karapatan sa edukasyon

Ang mga mamamayan ay malayang makilahok sa mga proyekto at programa ng pamahalaan, partikular sa mga proyektong nagsusulong sa mga karapatan ng mga mamamayan.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 3. *Think-Pair-Share (#Integration)***
Batay sa natutunan ng mga mag-aaral, sila ay hahanap ng kapareha at sasagutan ang mga pamprosesong katanungan na inihanda ng guro. Pag-isipan mabuti ang mga kasagutan at ibahagi ito sa kapareha. Matapos ang pagbabahaginan ay magbahaginan ay ibabagi naman ito sa buong klase sa hudyat ng ng guro.

1. Ano ang mga salik ng kagalingang pansibiko ang iyong nagagawa?
2. Nagpapakita ba ito ng pagkakaroon ng nasyonalismo? Ipaliwanag.
3. Paano mo mailalapat ang kagalingang pansibiko sa karapatang pantao ng mga mamamayan?

**IKATLONG ARAW**

**Gawain 4. Pagtulong (#Tara na at Tumulong!)**
Punan ng mga impormasyon ang hinihingi sa talahanayan. Gawing gabay ang halimbawa sa ibaba.

| | **KAGALINGANG PANSIBIKO** |
|---|---|
| EDUKASYON | ***Halimbawa: Pagtulong sa Brigada Eskwela.*** |
| KALUSUGAN | |
| KAPAYAPAAN | |

Walang mali at tamang kasagutan para sa gawain na ito, nasa desisyon ng guro kung

| | |
|---|---|
| PANGKABUHAYAN | |
| KAPALIGIRAN | |

**Gawain 5. *Role Playing* (#Bigyang Buhay)**
Hahatiin ang mga mag-aaral sa apat na pangkat at bibigyan ng paksa na may kaugnayan sa kagalingang pansibiko. Bibigyan ng sampung minute sa paghahanda at tatlong minute sa presentasyon. Gawing gabay ang rubric sa ibaba.

Rubric

| | MAHUSAY (5-puntos) | MAY KULANG (3-puntos) |
|---|---|---|
| NILALAMAN | Sapat ang ipinakita sa dula-dulaan, makikitaan ito ng kagalingang pansibiko. | Hindi gaano na ipakita ang paksa na ibinigay. |
| PAGKAMALIKHAIN | Malikhain ang ginawang presentasyon, makulay at detalyado ang pagkakagawa. | Hindi gaano kakikitaan ng pagkamalikhain ang ginawang presentasyon. |
| KOOPERASYON | Nakibahagi sa pagganap ang lahat ng myembro. | May isa o dalawang o higit pa na hindi nakiisa sa pagganap. |

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 6. Tunay Na Halaga (#Ilista mo!)**
Batay sa konsepto na napag-aralan, iilista ng mga mag-aaral ang mga gawain at kahalagahan ng mga nagawa ng mga tao sa lipunan na kinabibilangan.

| | | **Nagawa** | **Kahalagahan** |
|---|---|---|---|
| | Tagapamahala | | |
| | Mamamayan | | |

paano niya mamarkahan ang sagot ng mag-aaral. Maaaring maging iba't iba ang paraan ng pagsagot ng mga mag-aaral.

Ang mga gawaing ito ay halimbawa lamang. Maaaring umisip ng ibang gawain ang guro.

**IKAAPAT NA ARAW**

**Gawain 7. *Poster Making* (#Ipakita Mo!)**

Gumawa ng isang poster hinggil sa mga karapatan at tungkulin ng mga mamamayan tungkol sa pagtamo ng kagalingang pansibiko. Gawin ito sa sagutang papel. Gawing batayan ang rubriks sa ibaba.

Rubrik

| | **MAHUSAY (5-puntos)** | **MAY KULANG (3-puntos)** |
|---|---|---|
| NILALAMAN | Sapat ang ipinakita sa poster, makikitaan ito ng kagalingang pansibiko. | Hindi gaano na ipakita ang paksa na “kagalingang pansibiko.” |
| PAGKAMALIKHAIN | Malikhain ang ginawang poster, makulay at detalyado ang pagkakagawa. | Hindi gaano kakikitaan ng pagkamalikhain ang ginawang poster. |
| KALINISAN | Malinis ang pagkakagawa ng poster. | Hindi tapos o tinapos ang ipinasang poster. |

**D. Paglalahat**

**1. Pabaong Pagkatuto**

| **KAGALINGANG PANSIBIKO** | |
|---|---|
| MGA SALIK NG KAGALINGANG PANSIBIKO | KAHALAGAHAN |
| 1. Pagkilala sa sarili<br><br>2. Pagkakaroon ng tiwala sa sarili.<br><br>3. Pagtanggap at pag-unawa sa kapwa. | 1. Makakatiyak ang mga mamamayan sa isang lipunan ng tunay na malaya, nagsasarili at kontento sa kanilang pamunuan.<br><br>2. Ang mga mamamayan ay may kakayahang sustentuhan ang kanyang sarili at pamilya, at kontento sa pamamalakad ng pamahalaan. |

Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa o magbawas ng mga impormasyon na makakatulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang buod ng aralin. Maaari ding gumamit ng iba pang paraan sa paglalahat ng aralin.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>4. Pagtulong sa komunidad.<br><br>5. Pagtulong sa kapwa.<br><br>6. Paggawa ng mabuti<br><br>7. Pagsunod sa mga batas.<br><br>8. Pagtanggap ng responsibilidad<br><br>9. pakikilahok sa pagboto.</td><td>3. Malaya nilang naipapahayag ang sarili at nagagawa ang gusto nang hindi lumalabis sa itinakda ng batas.</td></tr>
</table>
<br>
2. Pagninilay sa Pagkatuto<br><br>
Pamprosesong tanong:<br><br>
Bilang isang mag-aaral, paano mo napapahalagahan ang kagalingang pansibiko sa loob ng paaralan at sa komunidad na iyong kinabibilangan.
</td>
<td>Walang mali at tamang kasagutan para sa gawain na ito, nasa desisyon ng guro kung paaano niya mamarkahan ang sagot ng mag-aaral. Maaaring maging iba’t iba ang paraan ng pagsagot ng mga mag-aaral.</td>
</tr>
</table>

| IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Susuriin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na pangungusap tungkol sa mga salik ng kagalingang pansibiko. Isulat ang **T** kung tama ang isinasaad sa pangungusap at isulat ang **M** kung di-wasto.<br><br>_____1. Ikaw ay tumatawid sa tamang tawiran.<br><br>_____2. Ang iyong nanay at nanay ay nakikilahok sa pagboto tuwing may eleksyon.<br><br>_____3. Ikaw ay sumusunod sa karatula na “Tapat ko, Tapon Mo!” | Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral *(maaaring performance or product-based output, written, oral examination at iba pa.)*<br>Susi sa pagwawasto:<br>1. T<br>2. T<br>3. M |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
_____4. Ikaw ay nagbibigay ng donasyon sa mga nasalanta ng bagyo.<br><br>
_____5. Ginamit mo sa magandang gawain ang sobrang sukli sa tindahan ni<br><br>
Aling Susan.<br><br>
2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>
Punan ang talahanayan ng mga aktibidad na maaring gawin sa isang kalipunan.
<table>
<tr><td>Pag-unawa at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagka-Pilipino, karapatan, at tungkulin tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko</td><td>1.<br>2.<br>3.</td></tr>
<tr><td>Nakapaglulunsad ng mga gawaing kumikilala at nagsusulong sa karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino</td><td>4.<br>5.</td></tr>
</table>
</td>
<td>4. T<br>5. M<br><br>Walang mali at tamang kasagutan para sa gawain na ito, nasa desisyon ng guro kung paano niya mamarkahan ang sagot ng mag-aaral. Maaaring maging iba’t iba ang paraan ng pagsagot ng mga mag-aaral.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratihiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At ibba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paninilay** | Gabay sa Pagninilay:<br>▪ Prinsipyo sa pagtuturo<br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ Mag-aaral<br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ Pagtanaw sa Inaasahan<br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod? | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |